
# 2

# Araling Panlipunan

## Ikalawang Markahan – Modyul 7: Pagkakakilanlang Kultural ng Komunidad



ALTERNATIVE DELIVERY MODE

CO_Q2_AP 2_ Module 7

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Araling Panlipunan – Ikalawang Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Ikalawang Markahan – Modyul 7: Pagkakakilanlang Kultural ng Komunidad**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

| | |
|---|---|
| **Manunulat:** | Anibay F. Santos |
| **Editor:** | Lamberto F. Gamurot |
| **Tagasuri:** | Bobby P. Caoagdan, Allan T. Manalo |
| **Tagaguhit:** | Hersa F. Huet |
| **Tagalapat:** | Nimfa D. Cabilangan, Anibay F. Santos |
| **Tagapamahala:** | Nicolas T. Capulong, Librada M. Rubio, Ma. Editha R. Caparas<br>Nestor P. Nuesca, Angelica M. Burayag, Paulino D. De Pano,<br>Bobby P. Caoagdan, Helen R. Bose |

**Inilimbag sa Pilipinas ng ________________________**

**Department of Education – Region III**

Office Address: Address: Diosdado Macapagal Government Center,Maimpis, City of San Fernando, (P)
Telefax: (045) 598-8580
E-mail Address: region3@deped.gov.ph

2

# Araling Panlipunan

## Ikalawang Markahan – Modyul 7:
## Pagkakakilanlang Kultural
## ng Komunidad

DEPARTMENT OF EDUCATION

## Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag- aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.


Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.

## *Alamin*

Pagkatapos ng araling ito, ikaw ay inaasahang makapagbibigay halaga sa pagkakakilanlang kultural ng komunidad.



## Subukin

**Panuto**: Isulat sa iyong sagutang papel ang tsek ✓ kung ang sumusunod ay katangiang kultural na nakapagpapakilala sa komunidad at ekis ✗ naman kung hindi.

________1. Taunang pagdiriwang na idinadaos sa komunidad.

________2. Bilang ng mga tao sa komunidad.

________3. Tanyag na anyong lupa o tubig sa komunidad.

________4. Uri ng sining na kilala sa komunidad.

________5. Ipinagmamalaking produkto sa komunidad.

## Aralin 1 Pagkakakilanlang Kultural ng Komunidad

Mayaman sa katangiang kultural ang bawat komunidad. Ngunit, kapag hindi ito inalagaan at pinahalagahan maaari itong mawala o maglaho na lamang. Ano ang kailangang gawin upang ito ay mapahalagahan? Ito ay iyong mapag-aaralan sa araling ito.

# *Balikan*

**Panuto:** Iguhit ang puso ♡ sa iyong sagutang papel kung ang larawan ay nagpapakita ng pakikilahok sa proyektong nakatutulong sa pagsulong ng natatanging pagkakakilanlan ng komunidad at ekis ✗ naman kung hindi.

________1. 

________2. 

________3. 

________4. 

________5. 

Mahalagang malaman at dapat pahalagahan ang mga gawaing nakapagsusulong ng natatanging pagkakakilanlan ng komunidad .

*Mga Tala para sa Guro*

Mapahahalagahan ang mga katangiang kultural ng isang komunidad kung ang mga ito ay kikilalanin at iingatan ng kanyang mamamayan.

## *Tuklasin*


Ano-ano ang mga ipinapakita sa mga larawan? Pamilyar ka ba sa mga ito?
Tama! Iyan ay mga katangiang kultural ng mga komunidad sa bansa. Halika't maglakbay- aral tayong muli gamit ang mga larawang ito.
bagnet
Ilocos
Kanlahi Festival
Tarlac
bulul
Ifugao
Bulkang Mayon
Albay
White Beach
Boracay
Bukidnon
panubok
Durian
Davao

Ano ano ang mga katangiang kultural ng komunidad na ipinakita sa mga larawan?

**LUZON**

Ipinagmamalaking produkto o pagkain ng komunidad



Bagnet ng Ilocos

Tradisyunal na pagdiriwang ng komunidad




Kanlahi Festival ng Tarlac

Tanyag na anyong lupa sa komunidad



Bulkang Mayon ng Albay


Uri ng sining na kilala sa komunidad



Nililok na “bulul” ng Ifugao

***VISAYAS***

Tanyag na anyong tubig sa komunidad



White Beach ng Boracay


***MINDANAO***

Uri ng Sining sa komunidad



“panubok” ng Bukidnon

Kilalang produkto ng komunidad



Durian ng Davao

# Suriin


May mga katangiang kultural ang bawat komunidad. Ano-ano ang mga ito?

## *1.Ipinagmamalaking Produkto o Pagkain*


May mga komunidad na kilala dahil sa natatangi nitong mga pagkain.



*Bagnet*




*Pyanggang*




*Pansit Malabon*



*alahas*



*banig na yari sa buli at pandan*



*malong*

Kalimitan ay niluluto sa mga kainan o *restaurant* na matatagpuan sa kanilang komunidad. Inihahanda rin ang mga ito sa mga pagdiriwang na ginagawa sa komunidad. Nakikita ang kultura ng isang komunidad sa kanilang pagkain gayundin ang alaalang idinudulot nito.

Halimbawa nito ang **pansit** ng Malabon, **bagnet** ng Ilocos at tanyag na **pyanggang** (manok sa gata) sa Mindanao.

May mga produkto rin na iniuugnay sa bawat komunidad. Halimbawa nito ang alahas ng Bulacan, mga banig na yari sa buli at pandan ng Samar at makukulay na malong ng mga Maranao.

## *2.Tradisyunal na Pagdiriwang*

Ang **tradisyon** sa isang komunidad ay isang paniniwala o nakaugalian na ipinapasa o naipapasa ng ating mga ninuno hanggang sa kaapu-apuhan.

*Pahiyas Festival*






*Ati-atihan Festival*




*Kadayawan Festival*

Sa pagdaraos ng mga nakagawiang pagdiriwang sa komunidad ay nakatutulong sa pagpapanatili ng kanilang tradisyon, kasaysayan at kultura. Nakikita sa mga tradisyunal na pagdiriwang ang mga nakagawian ng mga taong naninirahan sa isang komunidad. Halimbawa ng mga ito ang Pahiyas Festival ng Quezon, Ati- atihan Festival ng Aklan at Kadayawan Festival ng Davao.

## *3.Tanyag na Anyong Tubig/Lupa*

May mga anyong tubig o anyong lupa sa komunidad na tanyag sa likas nitong kagandahan. Itinuturing itong yaman sapagkat nakikilala ang komunidad dahil dito.

Halimbawa nito ang tanyag na Hagdan-hagdan Palayan sa Banaue, ang ipinagmamalaking Chocolate Hills ng Bohol.




*Hagdan-hagdan Palayan*



*Chocolate Hills*

Mt. Pinatubo ng Zambales, ang Talon ng Maria Cristina sa Lanao del Sur at Bulkang Mayon ng Albay.



*Mt. Pinatubo*



*Talon ng Maria Cristina*




*Bulkang Mayon*


### *4.Uri ng Sining na Kilala sa Komunidad*

May mga likhang sining din na natatangi at ipinagmamalaki ang bawat komunidad.

Halimbawa, tanyag ang komunidad ng Ilocos sa mga burnay o malalaki at matitibay na banga. Tanyag din ang komunidad ng Ifugao sa kanilang nililok na "*bulul*".



*burnay*



*bulul*

Kilala din ang "*panubok*" na katutubong sining ng pagbuburda ng Bukidnon. Ang mga T'boli naman sa Cotabato ay kilala sa paggawa ng kuwintas, sinturon at hikaw na gawa sa tanso.


*kagamitang gawa sa tanso*


*panubok*

# Pagyamanin

**Panuto:** Isulat ang **Tama** sa iyong sagutang papel kung wasto ang sinasabi ng pangungusap at **Mali** naman kung hindi.

_______1. Ang mga pagdiriwang ng mga komunidad ay nagpapakita ng mayamang tradisyon at kaugalian.

_______2. Ang mga ginagawang produkto sa komunidad ay walang kinalaman sa kanilang kultura.

_______3. Kailangang ingatan at pangalagaan ang mga anyong tubig at lupa sa komunidad upang mapanatili ang mga ito.

_______4. Nararapat na kalimutan na ang mga katutubong sining sa komunidad.

_______5. Dapat pahalagahan at panatilihin ang mga katangiang kultural ng bawat komunidad para sa mga sumusunod pang salinlahi.

## Isaisip

**Panuto:**Punan ang bawat patlang. Piliin ang tamang sagot sa kahon.Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.

| | | |
|---|---|---|
| sining | tubig | kultural |
| pagdiriwang | pagkain | ingatan |


Ang katangiang____(1)____ng isang komunidad ay: tradisyunal na____(2)____, uri ng ____(3)____, tanyag na anyong-lupa o anyong ____(4)____, ipinagmamalaking produkto at ____(5)____.

Ang mga katangiang kultural na ito ay dapat nakilalanin at____(6)____. Nararapat din na ang mga ito ay pagyamanin, ipagmalaki at panatilihin upang ang salinlahi ay higit na maunawaan ang pagkakakilanlan ng bawat komunidad.

## Isagawa

**A.Panuto:**Gumuhit sa iyong sagutang papel ng isang katangiang kultural ng inyong komunidad at isulat sa isa o dalawang pangungusap kung paano ito pinapahalagahan sa inyong komunidad. Maaari itong tanyag na anyong lupa o anyong tubig, produkto o pagkain, uri ng sining o tradisyunal na pagdiriwang.

**B.Panuto:** Punan ang *graphic organizer* ng tamang impormasyon tungkol sa pagkakakilanlang kultural ng iyong komunidad. Gawin ito sa iyong sagutang papel.




## *Tayahin*

**Panuto:** Ilagay sa tamang hanay ang mga sumusunod na katangiang kultural. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

Burnay ng Ilocos
Ati-atihan Festival ng Aklan
Mt. Pinatubo ng Zambales
Pansit ng Malabon
Talon ng Maria Cristina ng Lanao del Sur

| Tradisyunal na Pagdiriwang | Tanyag na Anyong Lupa | Tanyag na Anyong Tubig | Sikat na Pagkain/ Produkto | Uri ng Sining sa Komunidad |
|---|---|---|---|---|
| | | | | |

## *Karagdagang Gawain*

**Panuto:** Sagutin ang mga tanong at isulat ang mga sagot sa sagutang papel.



1. Alin sa mga katangian ng iyong komunidad ang pinakakilala?
2. Bakit mahalagang pangalagaan at pagyamanin ang mga ito?
3. Sa iyong sariling pamamaraan paano mo maipagmamalaki ang mga ito?

# Susi sa Pagwawasto

**Subukin**

1. /
2. X
3. /
4. /
5. /

**Balikan**

1. ♡
2. X
3. ♡
4. ♡
5. X

**Isaisip**

1. kultural
2. pagdiriwang
3. sining
4. tubig
5. pagkain
6. ingatan

**Pagyamanin**

1. Tama
2. Mali
3. Tama
4. Mali
5. Tama

**Isagawa**

A
Ang iguguhit ng mga bat ay batay sa katangiang kultural ng komunidad.
B.
Ang mga impormasyon na ilalagay sa graphic organizer ay batay sa katangiang kultural ng komunidad.

**Tayahin**

1. burnay ng Ilocos- uri ng Sining

2. Ati-atihan Festival- tradisyunal na pagdiriwang

3. Mt. Pinatubo- tanyag na anyong lupa

4. Durian ng Davao- sikat na pagkain o produkto

5. White Beach ng Boracay tanyag na anyong tubig

**Karagdagang Gawain**

1. Ang mga sagot ay nababatay sa pinakakilalang katangian ng sariling komunidad
2. Oo, para mapanatili at mapalaganap ang pagkakakilanlan ng komunidad.
3. Sa pamamagitan ng pagtangkilik sa sariling produkto at pagmamalaki sa mga katangian

# *Sanggunian*


Admin, Guro. "Most Essential Learning Competencies (Melcs Complete Files - Guro Ako". Guro Ako, 2020. http://guroako.com/2020/06/02/most-essential-learning-competencies-melcs- completefiles/.

Cruz, Gloria, Charity Capunitan, Emelita Dela Rosa, and Leo Arrobang. "K TO 12 GRADE 2 LEARNING MATERIAL IN ARALING PANLIPUNAN". *Slideshare.Net*, 2013. https://www.slideshare.net/lhoralight/k-to-12-grade-2-learning- material-in-araling-panlipunan

Christopher Madrigal. Pagsulong At Pagbabago, Komunidad 2 (Edisyong K-12). Reprint, Makati City,Philippines: Diwa Learning System Inc., 2014.

Randy Policarpio. "Kasaysayan-Ng-Tarlac.Docx - Kasaysayan Ng Tarlac Ang Lungsod Ng Tarlac Ay Ang Kabisera Ng Lalawigan Ng Tarlac Matatagpuan Ang Lalawigan Gitnang | Course Hero".

Coursehero.Com.https://www.coursehero.com/file/2544 5515/Kasaysayan-ng-Tarlacdocx/.

Edna Severo.Araling Panlipunan 2 Kagamitan Ng Mag-Aaral Sa Kapampangan. 1st ed. Reprint, Pasig City, Philippines: Department of Education-Bureau of Elementary Education, 2013.

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph